# UNIFIED FORMATION FRAMEWORK (UFF)

## PINAG-ISANG BALANGKAS NG PAGHUHUBOG

OFFICE FOR THE PROMOTION OF THE NEW EVANGELIZATION

Archdiocese of Manila
Office for the Promotion of the New Evangelization

## LAYUNIN NG BALANGKAS NG PAGHUHUBOG

Binubuo ang Arkidiyosesis ng Maynila ng iba't ibang grupo-mga pari, relihiyoso, mga organisasyong layko at maraming mga pagkilos ang isinasagawa upang isulong ang Gawain ng Paghahari ng Diyos. Madalas, nagiging malaking hamon kung paanong maabot ang pagkakaisa sa gitna ng napakaraming gawain upang magkaroon ito ng iisang tunguhin at pananaw na gagabay sa mga naglilingkod sa Simbahang lokal.

Itinalaga ni Kardinal Tagle ang formation team ng arkidiyosesis, na binubuo ng mga ministry na may kaugnayan sa paghuhubog, sa gabay ng grupo ng Bukal ng Tipan upang magkaroon ng isang bagay na pagkakaisahan sa larangan ng paghuhubog na maaaring sundin sa buong arkidiyosesis. Ibinigay ang atas na ito noong 2015. Makalipas ang ilang pulong ng formation team, dahan-dahang luminaw ang nilalayong ito. Marami nang programa ng paghuhubog ang ipinatutupad ng iba't ibang grupo na angkop sa kanilang mga ministry at mga benipisyaryo o inaasahang makikinabang dito. Kaya nga't malamang na hindi nararapat na bigyan ang lahat ng pare-parehong programa ng paghuhubog. Bagama't kinikilala at iginagalang ang mga kakanyahan ng bawat grupo, ang ilang elemento o sangkap ay maaaring sundin ng lahat kung mayroong balangkas o framework na pinag-isa (common framework). Ang mga batayang linya ay maaaring kilalanin na kumon sa lahat, pero ang particular na laman at kung paano gagamitin ang mga element ay maaaring iangkop ng bawat grupo o sa bawat programa ng paghuhubog.

Nakatutulong sa lokal na simbahan ang pagkakaroon ng iisang pananaw. Nangyari ito sa panahon ni Kardinal Rosales noong taong 2005. Mula sa pananaw na ito, binago at ini-angkop ng maraming ministry at mga grupong pangsimbahan na naglilingkod sa arkidiyosesis ang kanilang pananaw. Maraming mga pinunong layko ang kinunsulta sa maraming sesyon ng Manila Archdiocesan General Pastoral Assembly (MAGPAS) kung angkop at napapanahon pa ba ang pananaw, kung ito ay buhay pa sa kamalayan ng mga tao, at kung paano ito naeengganyo sa direksyon ng arkidiyosesis. Mula sa mga dumadalo sa mga sesyon ng MAGPAS, nagsagawa ng survey. Sila man ay inatasan na magsagawa ng simpleng survey sa mga hindi nagpupunta at di aktibong nakikilahok sa buhay ng simbahan tungkol sa kanilang pagtingin sa simbahan at sa kanilang pagtanggap sa pananaw ng simbahan. Sinangguni rin ang mga pari sa isang rekoleksyon tungkol sa kanilang pangarap para sa kanilang lokal na Simbahan sa gitna ng mabilis na pagbabago ng sitwasyon ng ating panahon. Sa lahat ng ito, naging malinaw na ang pananaw ay nananatili pang mahalaga, makabuluhan at makatuturan subalit kailangan pa itong pagtibayin sa pamamagitan ng pagtukoy at pagsasagawa ng mga pinapahalagahan na dumadaloy mula sa pananaw na ito.

## PANANAW NG ARKIDIYOSESIS NG MAYNILA

Bayang tinawag ng Ama kay Hesukristo
upang maging Sambayanan ng mga taong
may Kaganapan sa buhay
sumasaksi sa Paghahari ng Diyos
nagsasabuhay ng Misteryo Paskwal
sa Kapangyarihan ng Espiritu Santo
kasama ang Mahal na Ina ang Birhen Maria

## MGA PINAHAHALAGAHANG NAGPAPAALAB: PUSO AT KATUTURAN

Bilang sambayanan ng Diyos, tinawag tayo upang mamuhay nang may kaisahan o pakikipagkaisa sa kapwa, sa gabay ng ating pananaw. Mula sa pananaw, nagbunga ito ng mga pangunahing pinapahalagahan (core values) ng arkidiyosesis na magsisilbing puso at katuturan. Tinutugunan nito ang mga katanungan "Bakit? Bakit natin ginagawa ang ating mga ginagawa? Ano ang nagpapaalab sa ating pagkakakilanlan? Ang mga pinahahalagahan natin ang gumagabay sa ating pagdedisisyon. Nililinaw nito ang katuturan n gating pagiging sambayanan. Nagbibigay naman ang ating pasyon o alab ng lakas upang sumulong lalu na kapag nagiging mahirap ang sitwasyon. Ang alab ang nagbibigay ng pakpaksa ating pananaw.

Nagsagawang muli ng mga konsultasyon sa pamamagitan ng rekoleksyon at bahaginan ng mga maliliit na grupo sa hanay ng mga pinunong layko at kaparian. Natukoy mula dito ang mga sumusunod na pangunahing pinapahalagahan na hinalaw mula sa pananaw at mga pangangailangan n gating panahon.

## MGA PANGUNAHING PINAPAHALAGAHAN NG ARKIDIYOSESIS NG MAYNILA

PAMAYANAN

bilang sinapupunan kung saan tayo umuunlad: Pagkakaisa; Diwa ng pakikipag-isa; Diwa ng pagiging kasapi o kaanib; Matatag na ugnayan, Pakikipagkaisa, Pakikilahok; Pagkilala at paglinang sa bokasyon ng layko, Pananagutan, Pagbabahaginan ng biyaya at kakayahan, Sama-samang pagkilos.

LAANG MAGLINGKOD

bilang bunga ng ating pagkakaisa; Damayan, Pakikipagkaisa, Pananagutan, Kusang paglilingkod na walang hinihintay na kapalit, Malasakit sa mga maralita, Pagnanais na maglingkod, Pagmamalasakit, Paglilingkod, Kagutuman at pagkauhaw sa pagiging matuwid, Pangangalaga sa ating iisang tahanan o mundo.

KAAMUAN

bilang espiritual na lakas ng pamayanan: Kababaang loob, Diwa ng karalitaan, Kadalisayan ng puso, Kahinahunan na may lakip na tibay ng loob.

HABAG/AWA

bilang paninindigan sa paglilingkod: Habag, Malasakit, Awa-Unawa, Awa at habag.

## PINAG-ISANG BALANGKAS NG PAGHUHUBOG

Nagkaroon din ng sesyon, bahaginan at pagpapalitan ng mga kuro-kuro ang mga kaanib ng formation team. Matapos na mapagkasunduan ang pananaw at ang mga ugat na pagpapahalaga, kinakailangan natin ang balangkas na tutugon sa mga nabanggit at gagalang sa mga programa ng bawat grupo. Umasa ang formation team sa gabay ng Salita ng Diyos: ang pagsabay ni Hesus sa mga disipulong naglalakbay patungong Emmaus (Lk 24:13-49).

Ang paglalakbay ng dalawang apostol tungo sa Emmaus ay pinatingkad ng pagtatagpo nila ng Panginoong muling nabuhay na hindi lamang sumabay sa kanila sa gitna ng kanilang kalituhan ngunit ipinaliwanag pa sa kanila ang kahulugan ng Banal na Kasulatan. Naging sandal iyon ng banal na pagtatagpo. Tulad ng sinabi ni Papa Benito XVI, ang Kristiyanismo ay hindi sistema ng etika (hindi ito tungkol sa mga patakaran, hindi ito tungkol sa mga pamantayan ng pagiging Kristiyano). Tungkol ito sa isang persona na dapat nating Makita at makilala. Kaya't lahat tayo ay pinaaalalahanan na anumang programa na naglalayong humubog ng puso ng tao–maging pari, relihiyoso o layko–ay nangangailangan ng pakikipagtagpo sa Panginoong Muling Nabuhay.

Kailangan nito ng pakikipagtagpo na magpapabago ng pagkatao, ng paraan ng pag-iisip, kahit nan g ating mga pinahahalagahan at ng ating pakikilahok sa komunidad o sa kasaysayan.

Ang ugat ng Kristiyanong paghuhubog ay ang pakikipagtagpo kay Jesukristo. Ang paglago sa Buhay Kristiyano ay pagiging malapit kay Jesus. Sa kasaysayan ng Emmaus, tinagpo ng Panginoong Jesus ang kanyang disipulo sa iba't ibang paraan. Sinimulan ni Jesus ang pakikipagtagpo sa pakikipaglakbay sa kanyang mga alagad na pinanghihinaan ng loob (Lk 24:13-24). Lumakad siya kasabay nila at hinayaang ibuhos nila ang kanilang pighati at kabiguan. Bagamat alam nila ang nangyari kay Jesus–hanggang kanyang pagkabuhay na mag-uli–hindi pa rin nila namataan ang Magandang Balita. Ipinaliwanag ni Jesus ang kanilang naranasan at nalaman sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan. Na-"Bible study" sila sa daan (Lk 24:25-27). Nagbago ang asal ng mga disipulo sa kanya dahil sa pagpapaliwanag Niya sa bibliya. Nag-alab ang nanlalamig nilang puso at higit silang nagmalasakit sa kanilang kasama. Inanyayahan nila Siya na manatiling kasama nila dahil sa gumagabi na. Humantong ang pagmamalasakit na ito sa pagsasama sa mesa (Lk 24:28-32) kung saan nakilala nila si Jesus sa paghahati ng tinapay. Ang makilala nila si Jesus sa kanilang gitna ang nag-udyok sa kanila upang mabilis na bumalik sa grupo ng iba pang apostol na kanilang iniwan sa Jerusalem, sa kabila ng lumalalim na gabi (Lk 24:33-49). Doon, ang kanilang karanasan sa muling pagkabuhay ay pinatotohanan ng pagpapakita ni Jesus kay Pedro. Nang makatagpo na nila si Jesus sa komunidad, isinugo Niya sila sa misyon. Maraming pagkakataon ng pakikipagtagpo sa Jesus na Muling Nabuhay ay ipinamalas sa atin: sa ating mga pighati at sakit, sa Kasulatan, sa sakramento at sa Kristiyanong pamayanan at misyon.

Maaari nating angkinin ang mahahalagang yugtong ito ng pagtatagpo bilang sangkap ng ating balangkas ng paghuhubog. Sa anumang programa ng paghuhubog na isasagawa sa Arkidiyosesis ng Maynila ng anumang gurpo na naglilingkod sa local na simbahan, ang mga sangkap na ito ay dapat na makita.

## PINANGGAGALINGAN

1. Ano-ano ang mga mahahalagang nangyayri sa ating pamayanan?
2. Ano ang nangyayari sa kapaligiran/lipunan/sanlibutan na nakakaapekto sa iyo? Sa pamayanan?
3. Ano ang iyong/ating pakiramdam sa mga nangyayari? (saya at lungkot, pag-asa at kabiguan, atbp.)
4. Ano ang tanong mo/natin kay Jesus?
5. Ano rin kaya ang tanong ng mga nasa "labas" ng Simbahan?
6. Paano nakikisabay si Jesus sa ganitong kalagayan?
7. Nasaan si Jesus sa karanasan mo ngayon? Sa karanasan ng pamayanan?

## PAGTATAGPO AT PAGBABAGO

### Personal

1. Ano ang sinasabi sa iyo ni Jesus sa iyong kalagayan?
2. Paano ka makikipagtagpo kay Jesus sa mas malalim na paraan?
3. Anong karanasan kay Jesus ang magpapabago sa iyo at sa iyong kalagayan?
4. Anong karanasan kay Jesus (sacrament/pagdiriwang/pampaayanang pagsamba) ang magpapaalab sa iyong puso?

### Pamayanan

1. Ano ang sinasabi ni Jesus sa ating pamayanan sa ating kalagayan ngayon? Anong gospel value ang hinahamon tayong isabuhay?
2. Paano tayo makikipagtagpo kay Jesus sa mas malalim na paraan? Paano natin masasabi: “Panginoon, manatili ka sa amin”?
3. Anong karanasan kay Jesus ang magpapabago sa atin at sa ating kalagayan?
4. Anong karanasan kay Jesus (sacrament/pagdiriwang/pampamayanang pagsamba) ang magpapaalab sa ating puso?
5. Anong mga karanasan ang magmumulat sa atin sa presensiya ni Jesus?

## PAGBABALIK-BAYAN

1. Paano pagtitibayin ng karanasan mo kay Jesus ang iyong kakanyahan/kakayahan?
2. Paano palalakasin ng karanasan mo kay Jesus ang iyong loob para magmisyon?
3. Paano pagtitibayin ng karanasan kay Jesus ang samahan ng pamayanan?
4. Paano babaguhin ng ating karanasan kay Jesus ang ating mga pananaw?
5. Ano ang ating gagawin para maranasan natin na buhay si Jesus sa pinanggalingan/kasalukuyang kalagayan ng ating pamayanan? Bayan?

## PAGSUSUGO O PAGHAHAYO (BILANG ALAGAD) TUNGO SA BAGONG BAYAN

1. Paano ko ipagpapatuloy ang karanasang ito sa aking pamilya? Sa aking pang-araw-araw na buhay?
2. Bilang isang pamayanan, paano natin ipagpapatuloy ang karanasang ito nang may tuwa at galak?

3. Paano natin ipapasa ang karanasang ito sa iba pang pamayanan? Grupong pansimbahan? “Labas ng Simbahan”? Lupinan? Sanlibutan?
4. Paano tinataguyod ng karanasang ito ang Paghahari ng Diyos?
5. Paano itataguyod ng karanasang ito ang kababaang-loob o kahinahunan na may lakip na tibay ng loob?

Sa pagsusulong ng programa ng paghuhubog na may balangkas na nagpapahintulot ng pagkakaiba-iba, hinahayaan natin ang Banal na Espiritu na kumilos sa atin sa pamamagitan ng pakikinig sa Salita ng Diyos, pagtanggap ng mga tanda ng kaligtasan, pagsasagawa ng gawain ng pagmamahal at pagsasabuhay ng misyon. Sa pagpapaloob ng ating sarili sa Pinag-isang Balangkas ng Paghuhubog na ito, tumutugon tayo sa Pag-ibig ng Diyos sa bahaging ito ng ating kasaysayan, sapagkat ang Diyos ay nagnungusap sa atin sa ating kontekstong historikal. Sa kasalukuyang sandali, nakakatagpo natin si Jesus na kapiling natin magpakailanman at buhay magpasawalang hanggan!